Republic of the Philippines
MUNICIPALITY OF SANTA ROSA
Province of Laguna



# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

Isinulit na rin ni Kag. Entena ang inihandang ulat ng kanilang lupon hinggil sa pinsalang idinudulot ng baha mula sa St. Agata Subdivision at Villa Laserna kung saan ang kabuuan ng ulat ay ginagawang bahagi ng katitikang ito at nilagyan ng TANDANG "I" at "L". Sinabi rin ng Punong-bayan na siya ay nagsagawa na rin ng isang ocular inspection at kasalukuyan ng ipinahahanda ang kaukulang hakbangin. Gayundin ay ipinaalam ni Kag. Gironella na ang pagawain ay maaring isagawa ng Sangguniang Panlalawigan dahilan sa pinagtibay na kahilingan ng Sangguniang Pambarangay ng Barangay ng Bgy. Labas.

***************

APPROVED:
RESOLUTION No. 640-'91
PROVINCIAL BOARD
Nobyembre 27, 1991

KAUTUSANG BAYAN BLG. XLVIII-'91
(Sa mungkahi ni Pang. Punong-bayan Dictado na pinangalawahan ni Kag. Marcelo)

ANG KAUTUSANG BAYAN

na nagtitibay ng "Supplemental Budget" upang maisakatuparan ang mga pambayang gawain tulad ng isinasaad sa ibaba:

I. Income

Grant - National Government share for the RPTA . . . . . . ₱352,950.00

II. Expenditures

Second Municipal Development Project (MDP-2). . . . . . . . 352,950.00

BUONG PAGKAKAISANG PINAGTIBAY.

Pinagtibay:

ROBERTO R. GONZALES
Punong-bayan

***************

May kaugnayan naman sa gagawing tapunan ng basura sa Cavite ng Metro Manila Commission ay pinagpasiyahan ng kapulungan na magbuo ng isang Lupon upang mangasiwa ng pagpapahayag ng pagtutol ng mamamayang Santa Rosa sa pinagpasiyahang tapunan ng basura sa karatig lalawigan na lubos namang malapit sa bayan kaya't makapipinsala sa pamayanan. Pinagtibay na maging Tagapangulo ng Lupon

ROBERTO R. GONZALES
Punong-bayan

ANTONIO B. DICTADO
Pang. Punong-bayan

AVELINA R. GIRONELLA
Kagawad

RESTITUTO C. ALMODOVAR
Kagawad

REYNALDO C. ENTENA
Kagawad

ALICIA C. LAZAGA
Kagawad

RAMON G. MARCELO
Kagawad

EMILIO M. TIONGCO
Kagawad

RUFINO P. TAPANGCO
Kagawad

ERIC T. PUZON
Kagawad

URIEL T. MANGAHIS
Kagawad

ADELO T. PEREZ
Kagawad